# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka $\frac{\quad}{20}$

## Mga sagot sa Pagsulat ng tamang pang-angkop

*Panuto:* Isulat sa patlang ang tamang pang-angkop (*-ng*, *-g*, o *na*).

1. Bumili ako ng masarap __**na**__ almusal.
2. Nakatulog kaagad si Tatay dahil sa sobra**ng**__ pagod sa trabaho.
3. Ang tunay__**na**__ kaibigan at matapat at maunawain.
4. Dahan-dahan**g**__ naglakad ang bata palabas ng bahay.
5. Mahilig magbasa ng mga kuwento**ng**__ bayan ang magkapatid.
6. Kailangan ko ng matibay__**na**__ sapatos.
7. Iligpit na natin ang mga natira**ng**__ pagkain sa mesa.
8. Ang matamis__**na**__ tagumpay ay nakamit nila dahil sa pagtitiyaga.
9. Si Benjamin ang ikalawa**ng**__ anak ni Ginang Garcia.
10. Inayos mo na ba ang telebisyon__**na**__ sira?
11. Anu-ano pa ang kailangan**g**__ gawin sa bahay?
12. Nakita mo ba ang itim__**na**__ tsinelas ko?
13. Ang sampu**ng**__ mag-aaral ay kinausap ng puno**ng**__ guro.
14. Unti-unti**ng**__ nagbago ang ugali ng suwail__**na**__ bata.
15. Nahuli siya sa klase dahil sa isa**ng**__ di-inaasahan**g**__ pangyayari.
16. Nabasa ko na ang bago**ng**__ aklat tungkol sa mga hayop__**na**__ kakaiba.
17. Laki**ng**__ gulat ng bata nang marinig niya ang napakalakas__**na**__ tunog.
18. Masaya at tahimik__**na**__ namumuhay ang mag-asawa sa malayo**ng**__ bayan.
19. Si Mang Ruben ay may pito**ng**__ inahing manok at apat__**na**__ tandang.
20. Binigyan ng kalahati**ng**__ sako**ng**__ bigas ang bawat pamilya.